

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Tomo 5 Blg. 6 • Nobyembre-Disyembre 2017

‘Leonora’ pinarangalan sa ikatlong pambansang kumperensiya ng PCC

Ni Anselmo S. Roque (Salin sa Filipino ni Ma. Cecilia C. Irang)



Malayo sa lugar-kaganapan, walang kamalay-malay si “Leonora” sa matayog na parangal ng higit-kumulang 500 magsasaka

at iba pang kabalikat na nagtipon sa Philippine Carabao Center National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz,

Nueva Ecija noong Nobyembre 27 sa pagdiriwang ng ikatlong National Carabao Conference (NCC).

Si “Leonora” ay isang gatasang kalabaw.

Siya’y isang *Brazilian Murrah*, na nagbigay ng hanggang 18 litro ng gatas araw-araw sa panahong malakas ang kanyang gatas, o kabuuang 3,364.5 litro sa loob ng 10 buwang paggagatas sa kanya.

Katumbas ito ng kitang Php149,670 sa kanyang tagapangalaga na si Rogelio Marquez, 44, ng San Andres 1, Quezon, Nueva Ecija.

“Leonora” (na ang ibig sabihin ay *light* o liwanag) ang pangalang ibinigay ni Marquez sa kanya bilang pagpapahalaga sa “kagandahan” at “kaamuang” kanyang taglay. Sa ika-apat na panganganak, ito’y nagsilang ng isang babaing bulo noong Nobyembre 30, 2016. Kahit pa sa kanyang *dry months*, hindi bumababa sa 10 litro ang naibibigay niyang aning gatas sa araw-araw.

Nasa Php45 ang presyo ng gatas

(Sundan sa p.2)

Emily Velasco, ‘Modelong Juana’ sa kalabawan

Ni Ma. Theresa Sawit



Si Emily Velasco ng SIPBU habang ipinakikita ang *vermicompost* na kanyang nagawa mula sa dumi ng kalabaw.

Si Emily S. Velasco, 54 taong gulang, ay nakatira sa Villa Joson, San Jose City, Nueva Ecija. Taong 2000 nang magsimulang mag-alaga ng kalabaw ang kanyang pamilya. Isa sila sa mga benepisyaryo ng 25 *Dairy Module* ng Philippine Carabao Center (PCC).

Naglingkod siya bilang sekretarya ng kanilang kooperatiba na kilala sa pangalang Simula ng Panibagong Bukas Multi-Purpose Cooperative o SIPBU MPC nang taong 2004 hanggang 2007. Naitalaga naman siya bilang isa sa mga miyembro ng *Board of Directors* (BOD) sa nasabing kooperatiba mula 2012 hanggang

sa kasalukuyan. Responsibilidad ng BOD na magpatupad ng mga polisiyang makatutulong sa pag-unlad ng kooperatiba.

Bukod sa pagiging miyembro ng BOD, nagsilbi rin bilang *collector* at tagapagsuri ng kalidad ng gatas si Emily. Ang tungkuling ito ay napakahalagang gampanin upang maseguro ang dami at kalidad ng gatas na makukuha ng mga regular na mamimili. Tuwing umaga ay nakikipag-ugnayan at hinihintay ni Emily ang mga miyembrong nagdadala ng gatas sa kanilang *collection point* nang sa gayon ay maanalisa, maitala at mapagsama-sama niya ang mga gatas na kukunin ng mga mamimili. (Sundan sa p.2)

'Leonora' pinarangalan... (mula sa p.1)

ng kalabaw sa Quezon. Sa ibang lugar ay umaabot naman sa Php60 hanggang Php80 kada litro ang halaga ng sariwang gatas.

Maliban sa produksyon ng gatas nito, kasama ring sinuri ang *body conformation (symmetry, size and shape)* ni Leonora na talaga namang ideyal para sa isang gatasang kalabaw.

Tinanggap ni Marquez mula kay DA *assistant secretary* Enrico Garzon Jr. at Dr. Arnel del Barrio, *executive director* ng Philippine Carabao Center (PCC), ang "Gintong Kalabaw Cup" at premyong Php30,000.

Ayon kay Dr. del Barrio, ang pagbibigay ng karangalan para sa natatanging kalabaw, gayundin sa mga iba pang mga gantimpala sa pagkakalabaw, ay upang maitampok ang mga naging tagumpay sa pagpapaunlad ng kalabawan. Ang NCC ay hanggang sa kinabukasan, Nobyembre 28.

Ang nasabing komperensiya ay naglalayong pagsama-samahin ang mga kalahok, magsasakatiwala, at lahat ng nakikinabang sa industriyang-salig-sa-kalabaw upang makapagpalitan at magkabahaginan ng teknolohiya at mga kasanayan sa pagkakalabawan para mapalago ang industriya ng pagkakalabawan sa bansa.

Ang iba pang mga pinarangalan bilang mga "Outstanding Dairy Buffalo Farmers" ay sina Henry Orbino ng Calinog, Iloilo (*smallhold category*), Victoriano Dumale ng Licaong, Science City of Muñoz (*family module category*), at Samuel Mercader ng San Jose City (*semi-commercial category*).

Samantala, itinanghal naman bilang "Modelong Juana sa Kalabawan" (*model woman in carabao dairying*) si Emily Velasco ng Villa Joson, San Jose City habang si Patrick Pascual ng Sto. Domingo, Nueva Ecija ay pinarangalan bilang "Modelong Kabataan sa Kalabawan".

Sa tatlong magkakasunod na pagkakataon, iginawad muli sa Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) ng San Jose City ang titulong "best dairy cooperative".

Ang EPMPC, na natamo ang "Hall of Fame" award para sa "best dairy cooperative", ay mayroong 432 gatasang kalabaw na nasa pangangalaga ng 60 miyembro at may kabuuang aning gatas na 145,099.65 litro mula sa 91 ginagatasang kalabaw sa loob ng isang taon (Php7,254,982.50 sa halagang Php50 kada litro). Mayroon din itong sariling *milk processing plant at marketing outlet*.

Kumita si Dumale at ang kanyang pamilya ng Php70,000 sa isang buwan mula sa limang ginagatasang kalabaw habang si Orbino naman ay may kabuuang benta na Php354,314.80 mula sa aning gatas sa kanyang dalawang ginagatasang kalabaw.

Si Mercader, na nagsimulang mag-alaga ng kalabaw noong 2000, ay mayroon na ngayong 32 kalabaw, 14 sa mga ito ay palahiing babae, isang bulugan, apat na dumalaga, at siyam na bulo. Kumikita siya ng higit pa sa sapat para matustusan ang pag-aaral ng kanyang apat na anak, na kung saan dalawa na sa mga ito ang nakatapos na sa kani-kanilang mga kurso. Nakapagpundar na rin sila ng lupang sakahan, bahay at lote, sasakyan, kagamitan sa bukid, at appliances. ●

Emily Velasco... (mula sa p.1)

Napalago na ng Pamilya Velasco ang kanilang negosyo. Sa kasalukuyan ay may inaalagaan silang pitong kalabaw. Dalawa rito ay inahin, dalawa ay dumalaga, isa ay bulugan, at dalawa ay bulo. Tumutulong si Emily sa kanyang asawa sa pagpapakain ng kalabaw, pagbili ng *feeds/concentrates* at pampurga, paggagatas at pagtatala.

Bukod sa kasipagan ni Emily na gampanan ang kanyang mga responsibilidad sa kooperatiba at negosyo ng kanilang pamilya, katangi-tangi rin sa kanya ang pagiging bukas at paglalaan ng

oras sa mga bagong kaalaman at teknolohiya. Taong 2016 ay lumahok siya sa *Farmers Livestock School on Dairy Buffalo Production*, isang pagsasanay na ibinibigay ng PCC sa mga magsasaka. Doon ay nalaman niya na maaaring magkaroon pa ng karagdagang kita mula sa dumi ng kalabaw kung kaya agad niyang sinubukan ito at ngayon ay kumikita na siya mula sa *vermicomposting*.

Kung dati ay nakadepende ang pamilya ni Emily sa sahod ng kanyang asawa mula sa pagiging empleyado ng lokal na gobyerno ng San Jose City, ngayon ay nakaiipon

Modelong Kabataan sa Kalabawan

Ni Ma. Theresa Sawit



Si Patrick Pascual habang pinakakain ang kanyang mga alagang kalabaw.

Si Patrick Pascual, 28, ay anak ni Ricardo N. Pascual, isa sa mga magsasakang tumanggap ng kalabaw mula sa programang 25 Dairy Module ng Philippine Carabao Center noong 1997. Taong 2009 nang magsimula siyang tumulong sa kanyang ama sa pamamahala ng kanilang mga gatasang kalabaw.

Kabilang sa kanyang pagtulong ay pagpapakain, pagpapaligo, paglilinis ng kulungan, paggagatas at pamamahala ng pakain sa kalabaw o *forage*. Sa ngayon ay miyembro na siya ng Pulong Buli Multi-Purpose Cooperative ng Sto. Domingo, Nueva Ecija na katulad din ng kanyang ama.

Noong nakaraang taon ay dumaan siya sa pagsasanay ng PCC sa *Artificial Insemination (AI) and Pregnancy Diagnosis* upang

maging AI *technician* ng kanilang kooperatiba at komunidad. Oktubre 2016 nang siya ay makatapos at maging ganap na AI *technician*. Kasabay nito ay itinalaga din siya bilang *milk collector* ng kanilang kooperatiba.

Sa ngayon ay nakapag-ulat na siya ng 11 bulo na ipinanganak dahil sa kanyang pagseserbisyo ng AI. Ang negosyo ng kanyang pamilya sa pagkakalabaw ay napalago na rin sa tulong niya. Mayroon na silang walong kalabaw at dalawa sa mga ito ang kasalukuyang ginagatasan. Gumagawa na rin siya ng *organic fertilizer* upang pakinabangan ang mga dumi ng kalabaw.

Dahil sa karagdagang kita mula sa kalabaw ay unti-unting nakapagpupundar si Patrick. Sa katunayan ay kasalukuyan na siyang nagpapatayo ng sarili niyang bahay. Determinado siyang ipagpatuloy pa ang kanyang responsibilidad sa kooperatiba at sa kanilang negosyong salig sa kalabaw upang mas lalo pang dumami ang kalabaw at mga makikinabang mula dito sa kanilang lugar. Pangarap din niyang makapagdala ng gatas at mga produktong mula sa gatas sa iba't ibang lugar sa Pilipinas.

Isang inspirasyon si Patrick sa mga kabataan sa kalabawan dahil napatunayan niyang malaki ang kanyang maitutulong sa mga kabataang tulad niya sa pagpapatuloy at pagsusulong ng industriya ng kalabaw at gatas sa ating bansa. ●

at nakapagpupundar na ang kanyang pamilya dahil sa karagdagang kita mula sa gatas ng kalabaw at *vermicompost*.

Isang magandang ehemplo si Gng. Velasco ng mga Juana sa Kalabawan dahil sa ipinapakita niyang dedikasyon na maglingkod sa samahan at determinasyon na mas mapaunlad pa ang kanilang negosyo tungo sa mas malawig na industriya ng pagkakalabawan. Higit na kahanga-hanga na nagagawa niya ang mga ito nang hindi naisasakripisyo ang oras niya para sa kanyang pamilya. ●

Huwarang pamilya sa pagkakalabawan

Ni Estella Valiente

Isa sa mga maituturing na huwarang pamilya sa industriya ng pagkakalabawan ay ang pamilya ni Victoriano Dumale ng Barangay Licaong, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Tunay na kahanga-hanga ang pagtutulungan ng bawat miyembro ng pamilya ni Kuya Vic. Katuwang niya ang kanyang panganay na anak sa mga gawaing tulad ng pagkuha ng pakain, pagpapakain, pagpapaligo, paglilinis ng kural at paggagatas ng kanilang alagang kalabaw. Tumutulong din ang isa niyang nag-aaral na anak sa mga nabanggit na gawain tuwing wala siyang pasok. Samantalang ang kanyang maybahay na si Ate Dominga ang tagatala sa mga impormasyon tulad ng petsa ng pagkabulog o AI, panganganak, aning gatas, kita at iba pa.

Dahil sa kanilang pagtutulungan at maayos na pangangasiwa, umunlad ang kanilang negosyong salig sa gatasang kalabaw na nagsimula sa isang inahing pahiram ng PCC nang

taong 2005. Sa kasalukuyan ay may 13 silang kalabaw; anim sa mga ito ay inahin, dalawa ang dumalaga, isa ang bulugan at apat ang bulo.

Kapansin-pansin sa kanilang mga alaga ang magandang pangangatawan (BCS 3.5-4.0) at mataas na produksiyon ng gatas. Sa katunayan, karaniwang ang nakukuha nilang gatas sa bawat gatasang kalabaw ay walong litro kada araw. Kaya naman kumikita sila ng Php70,000 kada buwan sa kasalukuyang limang ginagatasang inahin.

Ayon kay Kuya Vic, malaking kayamanang maituturing ang kanilang mga gatasang kalabaw. Dahil sa mga alagang kalabaw, napaayos nila ang kanilang bahay, nakapagpundar ng iba't ibang gamit gaya ng traktora, generator, water pump at welding machine. Higit sa lahat ay napagtapos nila ang dalawa nilang anak sa kursong *Animal Science* at *Civil Engineering* na ngayon ay pareho nang



Tulong-tulong ang pamilya Dumale sa pag-aalaga ng kanilang mga kalabaw.

empleyado ng malalaking kumpanya. Matutukoy din na naging gawi na ng mag-asawa na matulog sa gabi sa tulugang nasa loob ng kural ng kanilang mga kalabaw. At, bumabangon si Kuya Vic tuwing ikalawang oras para bigyan ng pakain ang mga alagang kalabaw at nililinis naman ni Ate Dominga ang mga dumi ng mga ito. Itinuturing na rin nilang “kapamilya” ang mga alagang hayop. Bunga nito’y malaking biyaya ang naibibigay sa kanila ng kanilang mga alagang kalabaw. ●

Huwarang magsasakang-maggagatas

Ni Mario Delizo



Si Samuel Marcader (pangalawa mula sa kaliwa) kasama ang kanyang pamilya.

Ang unang mga taon ng pagsasama ng mag-asawang Samuel at Erlinda Mercader ay batbat ng kahirapan. Si Samuel ay katiwala sa bukid at pagkakarpiro ang kanyang pinagkakaabalahan pagkatapos ng kanyang mga gawain sa bukid.

Si Erlinda naman ay nakikitanim ng palay at sibuyas upang makatulong kay Samuel sa paghahanap-buhay at upang madagdagan ang kanilang kita sa pang-araw-araw nilang pangangailangan.

Taong 2000 nang mabigyan siya

ng isang paiwing alagang kalabaw ng isang kasapi ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative ng San Jose City. Dahil likas kay Samuel ang kasipagan, madali niyang naparami ito hanggang umabot sa anim ang kanyang inaalagaan. Dahil sa kinikita sa paggagatasan, nahikayat si Samuel na sumapi sa kooperatiba upang magkaroon ng sariling mga kalabaw at siya nama’y naging ganap na kasapi noong 2010.

Dahil nang mga panahong iyon ay may importasyon ng kalabaw mula sa bansang Brazil, isa si Samuel sa mga agad na napagkalooban ng limang

alaga. Naging katuwang niya sa pag-aalaga si Erlinda at ang kanilang mga anak sa lahat ng gawain tulad ng pagpapakain at pagpapainom ng mga hayop, paglilinis ng kulungan, paggagatas at pagdadala ng aning gatas sa kanilang kooperatiba. Nang lumaon ay sumali na rin si Erlinda sa kooperatiba.

Dahil sa pagpupursige ng mag-asawa, hindi nagtagal ay dumami pa ang kanilang mga alagang kalabaw. Sa kasalukuyan ay mayroon silang 32 kalabaw- na 14 nito ay inahin, isa ang senior bull, apat ang junior bull, apat ang dumalaga at siyam ang bulo.

Ilan sa kanilang mga kalabaw ay pinapaalaga na nila sa ibang magsasaka.

“Sa tulong ng Maykapal, lakip ang sipag, tiyaga at pagtutulungan ay napaunlad namin ang aming negosyo at guminhawa ang aming pamumuhay,” sabi ni Samuel.

Nakapagpatayo na rin sila ng bahay na maituturing nilang sariling tahanan. Nakapagpagawa rin sila ng malaking kural ng mga hayop, nakapagpundar ng tricycle at motorsiklo, mga gamit sa pagbubukid at pag-aalaga ng hayop, at ilang mga kasangkapan sa bahay. May nagsanla rin sa kanila ng kapirasong bukid na tinatamnan nila ng mais at kamote na siya ring pinagkukuhanan nila ng

pagkain para sa mga kalabaw.

Maginhawa rin nilang naitataguyod ang pagpapalaki at pag-aaral ng apat nilang mga anak na sina Sharmaine, Sherwin, Sharlene at Sharina. Sa katunayan ay magtatapos na sa kursong *Bachelor in Computer Science* ang kanilang anak na panganay at ang kanilang pangalawa sa Senior High School sa career track na General Academic Strand (GAS) sa susunod na taon.

Lubos ang pasasalamat nilang mag-asawa sa mga alagang gatasang kalabaw. Kasama ng kanilang mga anak, ito’y kanilang pinagyayaman at iniingatan dahil ayaw na nilang maranasan muli ang hirap na kanilang pinagdaanan. Dahil parami na nang parami ang kanilang alaga, ang ilang bulo ay pinaaalagaan na rin nila sa kanilang mga kabarangay na nais ding mag-alaga ng kalabaw.

Kaya naman ang payo ni Samuel sa ibang magsasakang-maggagatas ay ganito: “Alagaan lang nang mabuti ang mga kalabaw, at huwag mawawalan ng pag-asa dahil kapag gumanda na ang pangangatawan ng mga alagang kalabaw at makapagbibigay na ang mga ito ng maraming gatas, siguradong tibatiba na ang inyong bulsa.” ●

Katangi-tanging kooperatiba sa kalabawan

Ni Mario Delizo



Ilan sa mga miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative.

Ang Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative ay nairehistro sa Cooperative Development Authority (CDA) noong ika-29 ng Setyembre, 1992 (Registration No. PGA-471). Ang unang mga kasapi nito ay binubuo ng 60 magsasaka mula sa anim na barangay ng San Jose City, Nueva Ecija.

Sa tulong ng Land Bank of the Philippines (LBP), ang pagbibigay ng *credit assistance* sa mga kasaping magsasaka ang una nilang naging proyekto. Nguni't dahil sa kahirapan sa paniningil ng pautang ay unti-unti itong humina hanggang sa halos hindi na ito makabangon.

Taong 2000 nang pagkalooban sila ng Philippine Carabao Center (PCC) ng isang *module* ng *Bulgarian Buffalo* (25 Gatasang kalabaw). Sapat ito upang sila ay makapagsimula at makabangong muli.

Dahil naging maayos ang naging pamamalakad sa panibagong proyektong ito, iba't ibang ahensiya ng gobyerno ang tumulong upang mapadali ang pag-unlad nito. Kabilang dito ang Department of Agrarian Reform na nagkaloob ng pondo upang maisaayos ang kanilang *milk collection* at *processing area*, Department of Trade and Industry na nagbigay ng mga *milking*

machine at iba't ibang gamit para sa pagpoproseso ng gatas, mga proyekto ng PCAARRD-DOST na may layuning maparami at mapabuti ang kalidad ng gatas na kanilang inaani, at ng LGU-San Jose na tumutulong sa pagbebenta ng produktong mula sa gatas sa pamamagitan ng kanilang *milk feeding program* at Pasalubong Center.

Sa kasalukuyan, mayroon nang 432 kalabaw ang EPMPC na inaalagaan ng 54 na kasaping maggagatas. Noong nakaraang taon ay umabot sa 137,991.85 litrong gatas ang kanilang nakolekta at simula Enero hanggang Oktubre ng taong ito ay

nakakuha na sila ng 145,099.65 litro mula sa 91 gatasang kalabaw.

Ang EPMPC ay isa sa mga kooperatibang may pinakamaraming aning gatas na naibebenta sa ngayon. Bagama't kulang pa sa dami ang mga mamimili ng kanilang mga produkto, mas pinagbubuti na lamang ng mga kasapi nito ang pag-aalaga, pagtatanim ng pakain sa mga hayop, paggagatas, pagpoproseso at pagbebenta. Mahalaga anila na maganda ang kalidad ng produktong kanilang ibinebenta para tangkilikin din ng mas maraming mamimili at nang makasabay sa lumalaking industriya ng gatas sa bansa. ●

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center, isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

Eric P. Palacpac

Patnugot

Mervalyn O. Tomas

Ma. Cecilia C. Irang

Mga Tagapamahalang Patnugot

Khризie Evert M. Padre

Katulong na Patnugot

Mario Delizo

Estella Valiente

Ma. Theresa Sawit

Mga Nag-ambag ng Artikulo

Chrissalyn L. Marcelo

Tagapamahala ng Sirkulasyon

Ma. Cecilia C. Irang

Layout

Ma. Cecilia C. Irang

Anselmo S. Roque

Mga Manunulat

Wilma T. del Rosario

Tagapayo

Anselmo S. Roque

Kasangguni

Arnel N. Del Barrio

Pinunong Tagapagpaganap